# Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 49
# Ang Sulat ni Jesus sa simbahan sa Tiatira Yugto 1

"18At sa anghel ng iglesia sa Tiatira ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Anak ng Dios, na may mga matang gaya ng ningas ng apoy, at ang kaniyang mga paa ay gaya ng tansong binuli: 19Nalalaman ko ang iyong mga gawa, at ang iyong pagibig, at pananampalataya at ministerio at pagtitiis, at ang iyong mga huling gawa ay higit kay sa mga una. 20 Datapuwa't mayroon akong laban sa iyo, na pinahintulutan mo ang babaing si Jezebel, na nagpapanggap na propetisa; at siya'y nagtuturo at humihikayat sa aking mga lingkod upang makiapid, at kumain ng mga bagay na inihahain sa mga diosdiosan. 21 At binigyan ko siya ng panahon upang makapagsisi; at siya'y ayaw magsisi sa kaniyang pakikiapid. 22 Narito, akin siyang inireratay sa higaan, at ang mga nakikiapid sa kaniya sa malaking kapighatian, maliban na kung sila'y magsisipagsisi sa kaniyang mga gawa. 23 At papatayin ko ng salot ang kaniyang mga anak; at malalaman ng lahat ng mga iglesia na ako'y yaong sumasaliksik ng mga pagiisip at ng mga puso: at bibigyan ko ang bawa't isa sa inyo ng ayon sa inyong mga gawa. 24 Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, sa mga iba na nasa Tiatira, sa lahat ng walang aral na ito, na hindi nakakaalam ng malalalim na bagay ni Satanas, gaya ng sinasabi nila; hindi na ako magpapasan sa inyo ng ibang pasan. 25 Gayon ma'y ang nasa inyo'y panghawakan ninyong matibay hanggang sa ako'y pumariyan. 26 At ang magtagumpay, at tumupad ng aking mga gawa hanggang sa katapusan, ay bibigyan ko ng kapamahalaan sa mga bansa: 27 At sila'y paghaharian niya sa pamamagitan ng isang panghampas na bakal, gaya ng pagkadurog ng mga sisidlang lupa ng magpapalyok; gaya naman ng tinanggap ko sa aking Ama: 28 At sa kaniya'y ibibigay ko ang tala sa umaga. 29 Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia." (Pahayag 2:18-29)

"18 At sa anghel ng iglesia sa Tiatira ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Anak ng Dios, na may mga matang gaya ng ningas ng apoy, at ang kaniyang mga paa ay gaya ng tansong binuli:" (Pahayag 2:18) Ang ika apat na simbahan ay ang simbahan sa Tiatira. Malamang ang simbahang ito ay itinanim ni Apostol Pablo. Si Lydia ng Filipos siya ay nagmula sa bayang iyon, "At isang babaing nagngangalang Lidia, na mangangalakal ng kayong kulay-ube, na taga bayan ng Tiatira, isang masipag sa kabanalan, ay nakinig sa amin: na binuksan ng Panginoon ang kaniyang puso upang unawain ang mga bagay na sinalita ni Pablo." (Mga Gawa 16:14)

Ang Tiatira ay kapareho ng Tygatira, na ibig sabihin ay 'anak na babae'; at mayroon itong pangalan mula sa sumusunod: Isang pinuno ng militar, ang kanyang pangalan ay Seleucus, ang anak na lalaki ni Nicanor, sa pakikipaglaban kay Lysimachus, at pagkarinig niyaon ay nagkaroon siya ng isang anak na babae na isinilang at tinawag ang bayang iyon na Tygatira.

Dito sa simbahang ito ay may mga pagkahilig na sambahin si Maria at pagbibigay sa kanya ng isang banal na katayuan kapareho sa kanyang anak na si Jesus Cristo. Si Maria ay higit na sinasamba kaysa kanyang anak; at hindi lamang ginawang katuwang sa layon ng kaligtasan, kundi mas higit na mas mataas sa kanya. Ang tunay na katotohanang ito sa simbahang ito ay sinuportahan ng marami sa pagpaparangal ng simbahang ito sa mga babae, na tinatawag na Jesebel, na tinatawag ang kanilang sarili na mga propetesa, at binigyan nila ng daan ang katuruan para ipalaganap.

Mula sa mga paliwanag ng mga sumusunod na mga pahayag: napagmasadan ni Dr. Daubuz, na ang unang Kristiyano sa Tiatira ay isang babae na ating babasahin lamang sa Mga Gawa 16:14, at yaong mga bulaang propetang iyon ang unang nangenganyo sa mga Kristiyano na lubhang tumalikod sa paniniwala sa simbahang ito ay mga babae, gaya ni Maximallia Quintallia and Priscilla, na aking idinagdag, na ayon sa Epinians, na ilan sa mga sumasalungat at nilamon ang simbahan ito, ang kanilang mga obispo ay mga babae,at ganon din ang kanilang matatanda at ang opinyon ni Dr. Smith, na ang naninirahan sa dako ng Tiatira, ay mga hetano at sumasamba sa diyosang si Diana at maaaring naging sanhi ng mga nagbagong paniniwala upang parangalan si Maria at ibigay sa kanya ang banal na tuntunin.

Ang mga bagay na ito ay sinabi ng Anak ng Dios, Narito ipinakilala ni Jesus ang Kanyang sarili bilang Anak ng Diyos para salungatin ang opinyon na Siya ay anak ni Maria. Dahil ang simbahang iyon ay pinaparangalan si Maria at binigyan siya ng dakilang tuntunin, kaya nagawa ni Jesus na ipahayag ang Kanyang sarili sa kanila bilang Anak ng Diyos upang pabalikin sila sa tamang katuruan ng kaligtasan. Ang Orthodox ang simbahan ng Katoliko ay may parehong paniniwala gaya ng ganoon upang parangalan at luwalhatiin si Maria, at bigyan siya ng dakilang tuntunin, na kung saan ay hindi tama.

na may mga matang gaya ng ningas ng apoy, Ang mata ng Panginoon ay matalas, at tumatagos sa kadiliman, nakikita, natutuklasan, at inilalantad ang kasalanan., kadiliman at kasamaan. Sinasabi ni Jesus sa kanila, na nakikita kong malinaw kung anong nangyayaring mali sa iyong buhay. na may mga matang gaya ng ningas ng apoy; Siya ay nagbababala sa pagdating ng paghatol na dadalhin Niya sa masasama at sa mga patuloy na nabubuhay sa kasalanan. Nakikita ni Jesus ng malinaw ang mga kasalanan at maling gawain na nagaganap sa iyong buhay at gusto ng Diyos na talikuran ang lahat ng mga kasalanang ito, upang pagsisihan at bumalik sa Kanya, ito ay isang babalang mensahe para sayo upang maligtas sa pagdating ng paghuhukom. Ganon din nang sinabi gaya ng ningas ng apoy, ang katulad ng ating mababasa sa Pahayag 1:14 "na may mga matang gaya ng ningas ng apoy" Maari din ibig sabihin na liwanag ng Ebanghelyo ang katuruan, na sumiklab sa panahon ng kadiliman upang itaboy ang kasalanan at maling katuruan.

at ang kaniyang mga paa ay gaya ng tansong binuli; Ang tanso dito ay tanda ng paghuhukom na dadalhin ng Diyos dahil sa kasalanan o maaring magpahiwatig ng kalakasan, katatagan, at suporta na ibibigay ni Cristo sa Kanyang bayan habang nagdurusa alang alang sa Kanya, nang sila'y inilagay sa pugon at sinunog alang alang sa Kanya, na uri ng kamatayan na ginagamit ng higit sa panahong iyon. Si Jesus dito ay tinitiyak sa atin na dadalhin Niya ang Kanyang paghatol sa masasama at papagtibayin Niya tayo, susuportahan tayo, at patatagin tayo upang tayo'y magpatuloy na mabuhay sa kabanalan at patuloy na gawin ang Kanyang gawain at Kanyang kalooban.

"19 Nalalaman ko ang iyong mga gawa, at ang iyong pagibig, at pananampalataya at ministerio at pagtitiis, at ang iyong mga huling gawa ay higit kay sa mga una. " (Pahayag 2:19) Dito si Cristo ay isinasalarawan sa simbahan ang kanilang mabubuting punto. Ang kanilang mabubuting gawa. Sinasabi Niya na alam Niya ang kanilang mabubuting bagay na kanilang ginagawa at hinihikayat Niya sila na patuloy na gawin ang ganoon. Sa simbahan ng Tiatira may ilan sa kanila ang gumagawa ng mabuti, ngunit ang karamihan sa natitira ay gumagawa ng masama. * Ang Diyos ngayon ang mensahe Niya sa atin bilang isang simbahan at bilang mga manggagawa, ikaw ay hinihikayat Niya na patuloy gumawa ngabuti hanggang Siya ay dumating at kunin tayo kasama Niya.

Ganon din kailangan nating maunawaan na ang mabubuting bagay na ating ginagawa ay hindi matatakpan ang ating mga kasalanan, hindi makakapagligtas sa atin sa pagsaway para sa ating maling mga gawa at hindi makakapagprotekta sa atin sa pagdating ng paghuhukom ng Diyos, doon kailangan nating pagsisihan nang taimtim at magsimulang gumawa ng mabuti.

Ang sumusunod na mga puntos na kailangan nating mapagmasdan at pahalagahan sa ating buhay at paglilingkod sa Diyos at sa Kanyang simbahan.

A. Nalalaman ko ang iyong mga gawa, Ang simbahang iyon ay gumagawa ng mabubuting gawain. Na hindi isang gawa kundi mga gawa, iba't ibang gawain, at mga nagawa, gaya ng pangangaral, pangeebnaghelyo, gawain ng mga ministerio at paglilingkod at ang mabubuting gawa na naunang inihanda ng Diyos para sa kanila upang gawin. Tayo ay pumunta sa ilan sa Banal na Kasulatan tungkol sa mga gawa upang tayo'y mapukaw at maudyukan ng higit upang gumawa ng mabubuting gawa ng Diyos.

1. Maraming gawang makapangyarihan: "Marami ang mangagsasabi sa akin sa araw na yaon, Panginoon, Panginoon, hindi baga nagsipanghula kami sa iyong pangalan, at sa pangalan mo'y nangagpalayas kami ng mga demonio, at sa pangalan mo'y nagsigawa kami ng maraming gawang makapangyarihan?" (Mateo 7:22) Tayo ay tinawag upang gawin ang maraming gawang makapangyarihan ng Diyos upang ang iba ay pumunta at makilala si Cristo.

2. Mga makapangyarihang gawa? "At pagdating sa kaniyang sariling lupain, ay kaniyang tinuruan sila sa kanilang sinagoga, ano pa't sila'y nangagtaka, at nangagsabi, Saan kumuha ang taong ito ng ganitong karunungan, at ng ganitong mga makapangyarihang gawa?" (Mateo 13:54) Maraming mga gawa at kababalaghan ay upang dalhin sa mga tao para magsisi. "Nang magkagayo'y kaniyang pinasimulang sumbatan ang mga bayan na pinaggagawan niya ng lalong marami sa kaniyang mga gawang makapangyarihan, sapagka't hindi sila nangagsisi." (Mateo 11:20)

3. Ang mga gawa ng Diyos ay upang sumampalataya kay Jesus at sundin Siya. "28 Sinabi nga nila sa kaniya, Ano ang kinakailangan naming gawin, upang aming magawa ang mga gawa ng Dios? 29 Sumagot si Jesus at sa kanila'y sinabi, Ito ang gawa ng Dios, na inyong sampalatayanan yaong kaniyang sinugo." (Juan 6:28-29) Tayo ay tinawag upang sumampalataya kay Jesus at sa Kanyang Salita at sundin Siya at gawin ang Kanyang kalooban.

4. Ang mga gawa ng Diyos ay dapat mahayag sa atin: "Sumagot si Jesus, Hindi dahil sa ang taong ito'y nagkasala, ni ang kaniyang mga magulang man: kundi upang mahayag sa kaniya ang mga gawa ng Dios." (Juan 9:3) Ang ating buhay ay dapat mahayag sa mga gawa ng Diyos. Kung anuman ang ating pinagdaraanan ng mga pagsubok, mga karamdaman, at mga pagdurusa ay hayaang ang gawa ng Diyos ay makita sa ating mga buhay.

5. Mabubuting gawa: "Sinagot sila ni Jesus, Maraming mabubuting gawa na mula sa Ama ang ipinakita ko sa inyo; alin sa mga gawang yaon ang ibinabato ninyo sa akin?" (Juan 10:32) Kailangan nating makibahagi at gawin ang mabubuting gawa ni Jesus. "Sapagka't tayo'y kaniyang gawa, na nilalang kay Cristo Jesus para sa mabubuting gawa, na mga inihanda ng Dios nang una upang siya nating lakaran." (Epeso 2:10) Ang mabubting gawa ay karugtong ng mga matatapat na tagasunod at tagapagturo ni Cristo sa simbahang ito, at sila'y nakabukod at hiwalay mula sa masasama na gaya ng ating mababasa dito, "20 Datapuwa't mayroon akong laban sa iyo, na pinahintulutan mo ang babaing si Jezebel, na nagpapanggap na propetisa; at siya'y nagtuturo at humihikayat sa aking mga lingkod upang makiapid, at kumain ng mga bagay na inihahain sa mga diosdiosan. " (Pahayag 2:20) Sa parehong paraan dapat tayong makilala mula sa mga gumagawa ng masama at simulang gawin ang mabubuting gawa.

6. Dakilang mga gawa."Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang sa akin ay sumasampalataya, ay gagawin din naman niya ang mga gawang aking ginagawa; at lalong dakilang mga gawa kay sa rito ang gagawin niya; sapagka't ako'y paroroon sa Ama." (Juan 14:12) Tayo na sumasampalataya kay Cristo ay tinawag upang gawin ang dakilang mga gawa para dalhin sa iba papunta kay Cristo.

7. Ang gawa ng laman ay dapat nating iwasan: "At hayag ang mga gawa ng laman, sa makatuwid ay ang mga ito: pakikiapid, karumihan, kalibugan, 20 Pagsamba sa diosdiosan, pangkukulam, mga pagtataniman, mga pagtatalo, mga paninibugho, mga pagkakaalitan, mga pagkakampikampi, mga pagkakabahabahagi, mga hidwang pananampalataya, 21 Mga kapanaghilian, mga paglalasing, mga kalayawan, at ang mga katulad nito; tungkol sa mga bagay na ito ay aking ipinagpapaunang ipaalaala sa inyo, tulad sa aking pagpapaalaala nang una sa inyo, na ang mga nagsisigawa ng gayong mga bagay ay hindi magsisipagmana ng kaharian ng Dios." (Galacia 5:19-21) Tayo ay tinawag upang talikuran ang mga gawa ng laman.

8. Tayo ay gagantimpalaan ayon sa ating mga gawa: "Sapagka't ang Anak ng tao ay pariritong nasa kaluwalhatian ng kaniyang Ama na kasama ang kaniyang mga anghel; at kung magkagayo'y bibigyan ang bawa't tao ayon sa kaniyang mga gawa." (Mateo 16:27) Gagantimpalaan tayo ni Cristo sa lahat ng mabubuting bagay na ating ginawa para sa Kanya.

9. Tayo ay tinawag upang panatilihin ang mabubuting gawa: "Tapat ang pasabi, at tungkol sa mga bagay na ito ay ninanasa kong patotohanan mong may pagkakatiwala, upang ang mga nagsisipanampalataya sa Dios ay maging maingat na papanatilihin ang mabubuting gawa. Ang mga bagay na ito ay pawang mabubuti at mapapakinabangan ng mga tao:" (Tito 3:8) Dapat nating ingatan na panatilihin ang mabubuting gawa ng Diyos.

10. Ang mga gawa ng pananampalataya: Tayo ay tinawag upang ipakita ang pananampalataya at mga gawa gaya ng ating babasahin dito: "18 Oo, sasabihin ng isang tao, Ikaw ay mayroong pananampalataya, at ako'y mayroong mga gawa: ipakita mo sa akin ang iyong pananampalatayang hiwalay sa mga gawa, at ako sa pamamagitan ng aking mga gawa ay ipakita sa iyo ang aking pananampalataya. 20 Datapuwa't ibig mo bagang maalaman, Oh taong walang kabuluhan, na ang pananampalataya na walang mga gawa ay baog? 21 Hindi baga ang ating amang si Abraham ay inaring ganap sa pamamagitan ng mga gawa, dahil sa kaniyang inihain si Isaac na kaniyang anak sa ibabaw ng dambana? 22 Nakikita mo na ang pananampalataya ay gumagawang kalakip ng kaniyang mga gawa, at sa pamamagitan ng mga gawa ay naging sakdal ang pananampalataya; 24 Nakikita ninyo na sa pamamagitan ng mga gawa'y inaaring ganap ang tao, at hindi sa pamamagitan ng pananampalataya lamang. 25 At gayon din naman hindi rin baga si Rahab na patutot ay inaring ganap sa pamamagitan ng mga gawa, dahil sa tinanggap niya ang mga sugo, at kaniyang pinapagdaan sila sa ibang daan? 26 Sapagka't kung paanong ang katawan na walang espiritu ay patay, ay gayon din ang pananampalataya na walang mga gawa ay patay." (Santiago 2:18, 20, 21, 22, 24, 25, 26)

B. at ang pagibig, Sila'y mayroong kawanggawa at pagibig sa mga kapatiran at sa mga nangangailangan at nasa kaguluhan. Ang susunod sa Banal na Kasulatan na maari nating matutunan pa tungkol sa pagibig at kung paanong ipakita ang pagibig sa isa't isa at sa mga nangangailangan at sa mga nasa kaguluhan.

"4 Ang pagibig ay mapagpahinuhod, at magandang-loob; ang pagibig ay hindi nananaghili; ang pagibig ay hindi nagmamapuri, hindi mapagpalalo. 5 Hindi naguugaling mahalay, hindi hinahanap ang kaniyang sarili, hindi nayayamot, hindi inaalumana ang masama; 6 Hindi nagagalak sa kalikuan, kundi nakikigalak sa katotohanan; 7 Lahat ay binabata, lahat ay pinaniniwalaan, lahat ay inaasahan, lahat ay tinitiis.8 Ang pagibig ay hindi nagkukulang kailan man: kahit maging mga hula, ay mangatatapos; maging mga wika, ay titigil: maging kaalaman, ay mawawala." (1 Carinto 13:4-8)

"Gawin ninyo sa pagibig ang lahat ninyong ginagawa." (1 Corinto 16:14)

"Kami ay nararapat, mga kapatid, na mangagpasalamat na lagi sa Dios dahil sa inyo, gaya ng marapat, dahil sa ang inyong pananampalataya ay lumalaking lubha, at ang pagibig ng bawa't isa sa iba't iba sa inyong lahat ay sumasagana;" (2 Tesalonica 1:3)

C. at ministerio; ang sumusunod na paglilingkod o ministerio na kanilang ginagawa at kailangan din natin isagawa at gawin.

1. Ang ministerio ng salita ng Diyos: na isinasagawa ng marami na may dakilang pagpapagal, kasigasigan at katapatan upang ipangaral at ituro ang Salita ng Diyos. Kailangan nating ipagpatuloy ang pangangaral at pagtuturo ng Salita ng Diyos, upang magebangelyo at gumawa ng bagong mga disipolo.

2. Ang paglilingkod sa mga pangangailangan ng mga banal: na isang katibayan ng kanilang pagkakawanggawa at pagibig.

3. Ang paglilingkod sa Diyos o ng minsiterio: na kinakailangan o kailangan ipakita sa kanya lamang ns may takot at taimtim, sa pananampalataya at may isang dalisay na saloobin, na may kababaang loob, at sa pagkamatuwid at totoong kabanalan.

4. Ang paglilingkod sa pagibig sa mga banal ay makikita sa isa't isa: Kailangan nating gawin iyon sa pananalangin sa isa't isa, binabata ang kabigatan ng isa't isa, pagpapaalala at pagsaway para sa kasalanan, pagpapanumbalik sa mga naligaw ng landas, umaaliw sa mga nahihirapan, pagpapatibay sa isa't isa sa kanilang banal na pananampalataya at naghihikayat at nagpapasigla sa isa't isa upang maglingkod sa Diyos.

Ang sumusunod ay ang mga Kasulatan na nagtutiro sa atin ng higit tungkol sa paglilingkod.

"1 Kaya nga, mga kapatid, ipinamamanhik ko sa inyo, alangalang sa mga kahabagan ng Dios, na inyong iharap ang inyong mga katawan na isang haing buhay, banal, na kaayaaya sa Dios, na siya ninyong katampatang pagsamba" (Roma 1:12)

"Sapagka't ang pangangasiwa sa paglilingkod na ito ay hindi lamang tumatakip sa pangangailangan ng mga banal, kundi naman umaapaw sa pamamagitan ng maraming pagpapasalamat sa Dios;" (2 Corinto 9:12) Dito ang paglilingkod ng pagbibigay para tugunan ang pangangailangan sa pananalapi.

D. At pananampalataya: Ibig sabihin ang pananampalataya sa Diyos at kay JesuCristo, at pananampalataya sa Kanyang Salita. Malamang ang mga puntong ito'y binanggit ng direkta ni Jesus sa mga nagtitiyaga at nagdurusa sa simbahang iyon at upang panatilihin ang katotohanan, upang sila'y mahikayat na magpatuloy na gawin ito. Ang parehong paraan ngayon hinihikayat tayo ni Jesus na magpatuloy sa parehong pananampalataya, pagtitiyaga na gawin ang tama hanggang Siya ay dumating at kunin tayo .

E. at iyong pagtitiis: Ang pagdurusa para kay Cristo at sa Ebanghelyo at iyon ay kinakailangang upang panatihin iyon hanggang sa huli. Kailangan nating magtiis hanggang sa huli sa ating buhay at sa ministerio sa Panginoon.

F. at ang iyong mga huling gawa ay higit kay sa mga una: Ang kanilang mga pagkilos at gawa ng pagibig sa Diyos at kay Cristo at sa isa't isa at ang kanilang mga gawa sa paglilingkod sa Diyos, at sa mga banal, ang kanilang mga gawa sa pananampalataya at katapatan ng dahil sa Diyos, at ang pagtitiis sa pagdurusa para sa Ebanghelyo ni Cristo, ay higit sa bilang, at higit sa halaga, sa pagtatapos ng panahong ito kaysa sa simula nito. na nagdulot ng pagbabago na natapos ng mga matatapat na mga tao sa simbahang iyon. Sa parehong paraan tayo ay tinawag upang magtiyaga upang patuloy na gawin ang gawa ng Diyos na ihanda ang ating mga sarili at ang bayan ng Diyos para sa pagparito ni Cristo.

Para sa aking Mahal at Minamahal: Tayo ay lumapit ngayon sa Panginoon sa pananalangin at pagpapasalamat sa paghihikayat na salita na tinanggap natin mula sa Kanyang luklukan na nagpasigla na patuloy gawin ang iba't ibang mabubuting gawa, at Kanyang paglilingkod sa pagibig, sa pananampalataya, sa pagtitiis, at higit pa sa ngayon sa paghahanda sa ating mga sarili, sa ating mga pamilya, sa ating mga disipolo, at sa Simbahan ng Diyos patungo sa Kanyang pangalawang pagparito na mas maaga kaysa sa dati.

Tayo ay lumapit sa Kanya sa pagsisisi. Bilang ating pinagninilayan ang Kanyang Salita ating talikuran ang ating mga kasalanan at anumang humahadlang na naglalayo sa atin sa paggawa ng tama at ang nais niya sa atin upang gawin para sa Kanya. Ating gawin ang pinakamabuti na mamuhay sa kabanalan, a magpatuloy na tumutok sa mga gawain na ipinagkatiwala sa atin at gawin ang mga gawain na nais Niya gawin natin sa pagibig, sa pananampalataya, at sa pagtitiyaga hanggang sa huli, hanggang makatagpo natin Siya sa alapaap at madinig sa Kanya, "Mabuting gawa, mabuti at tapat na alipin".

Ang aking Panalangin: Amang Diyos, Ako'y lumalapit sa iyo sa harap mo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay mula sa kamatayan noong ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat sa iyong mapanghikyata na Salita na binuhay ako, sinaway ako at tinuruan ako ng iyong mga paraan at hinikayat ako at upang patuloy na magpatuloy at maglingkod sa iyo.

Ipagtapat ngayon ang iyong mga kasalanan sa Diyos. Panginoon patawarin ako sa sumusunod na mga kasalanan;
Magsisi sa katamaran, kakulangan sa paglilingkod, at ministerio, kakulangan sa pagibig, kakulangan sa pagtitiyaga, mahabang pagtitiis alang alang kay Cristo.

Panginoon aking ipinapangko ang aking sarili na tumalima sa iyong Salitang ito na aking tinanggap mula sa mensaheng ito. Panginoon aking isinusuko ang aking sarili at ang aking kalooban ng ganap sa iyo. Panginoon aking ipinapangako ang aking sarili na mage banghelyo upang abutin ang bagong mga tao para kay Cristo. Panginoon aking isinusuko ang aking sarili na gawin ang lahat ng mabubuting gawa at mga paglilingkod na iyong inihanda at nais mong gawin ko para sa iyo sa pagibig, sa pananampalataya, sa pagtitiis, at sa mahabang pagdurusa. Panginoon bigyan mo ako ng kalakasan at pagtitiis na batahin ang tindi ng oposisyon dahil sa iyong Salita. Panginoon puspusin mo ako ng iyong Banal na Espiritu at magkaroon ako ng kaganapan sa iyo. Panginoon bigyan ako ng mga kaloob ng Banal na Espiritu upang ako'y makapunta at maglingkod sa iyo at magebanghelyo at abutin ang iba at ipalaganap ang iyong Salita at turuan ang mga handang sumunod sa iyo.

Panginoon aking ipinapanalangin ang aking mga kapatid na Lalaki at Babae na tinanggap ang iyong Salita at handang mabuhay ng kanilang buhay at maglingkod sa iyo at magdusa para sa iyong Salita. Panginoon protektahan mo sila, ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan. Panginoon iligtas sila sa mga tukso at sa mga gawa ng diablo. Panginoon gumawa ng mga himala para sa kanila at paging dapatin silang makalampas sa mga pagsalungat at upang batahin hanggang ikaw ay dumating at kunin kami kasama mo sa Langit.

Panginoon pagpalain kami at suportahan kami bilang isang simbahan. Panginoon tulungan kami, protektahan kami, at ibigay ang para sa amin upang patuloy na maglingkod sa iyo at gawin ang iyong gawa at ang iyong kalooban. Panginoon bigyang kaming higit ng mga kaloob ng Banal na Espiritu upang magebangelyo at abutin ang bagong mga tao ng Ebanghelyo ni JesuCristo at ng mensahe ng Salita ng Diyos. Panginoon kami'y nanalangain na paging dapatin kaming makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan at tuparin ang pananaw ng Simbahan sa "Pagpaparami sa kapayapaan at Pagpapatupad ng Buong Kalooban ng Diyos". Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at iligtas kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 49.
Ang Sulat ni Jesus sa Simbahan ng Tiatira Yugto 1.
Pahayag 2:18-29. Mga Gawa 16:14. Pahayag 1:14. Mateo 7:22. Mateo 13:54. Mateo 11:20. Juan 6:e8-29. Juan 9:3. Juan 10:32. Epeso 2:10. Juan 14:12. Galacia 5:19-21. Mateo 16:27. Tito 3:8. Santiago 2:18, 20, 21,22,24,25,26. 1 Corinto 13:4-8. 1 Corinto 16:14. 2 Tesalonica 1:3. Roma 1:12. 2 Corinto 9:12.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com